

タガログ語版

KEN'EI JUTAKU Impormasyon Para Sa Bagong Residente



Aichi-ken Jutaku Kyokyu Kousha
Korporasyon Ng Pamublikong Pabahay Sa Aichi Prefecture

PAUNANG SALITA

Ipapaliwanag namin ang mga patakaran sa pang-araw-araw na pamumuhay sa KEN'EI JUTAKU bago lumipat dito. Ang mga baguhan ay maaaring malito dahil sa pagkakaiba ng wika, kultura o kaugalian at iba pa. Ito ay maaari ring maging sanhi ng mga problema sa mga residente sa pabahay.

Ang KEN'EI JUTAKU ay isang pampublikong pabahay na naitayo dahil sa mga buwis at sa pakipagtulungan ng Japan at Aichi Prefecture. Kaya ito ay mahalagang ari-arian ng mga mamamayan ng Aichi Prefecture.


Dahil dito, ito ay hindi tulad ng karaniwang paupahang mga bahay o apartment. Mayroong mga paghihigpit at obligayon. At mayroon ding alituntunin at patakaran sa pang-araw-araw na pamumuhay dito.

Mangyaring unawain ang mga bagay na ito at gamitin sa tamang paraan ang KEN'EI JUTAKU.

At mangyaring magkaroon ng mga kaibigan o kakilala na Japanese. Makakatulong sa inyo na malaman ang mga patakaran ng KEN'EI JUTAKU at ang mga kostumbre ng Japan. Maaaring makatulong sila kapag hindi ninyo malaman ang pang-araw-araw na bagay.

Huwag nang igiit ang mga pananaw o kaisipan sa inyong sariling bansa. Mangyaring maging maunawain at magalang sa isa't isa. At ingatan at sundin ang mga patakaran para maging masayang-masaya ang pamumuhay sa KEN'EI JUTAKU.

KEN'EI JUTAKU = PREFECTURAL NA PABAHAY




Talaan ng mga nilalaman

	Page
Kapag Pumasok sa Pabahay.....	03
Tungkol sa Upa ng Pabahay (YACHIN).....	05
Kapag Umalis sa Pabahay (TAIKYO).....	06
Ang mga Patakaran.....	07
Tubig at Palikuran.....	08
Para sa Masayang Pamumuhay	08
Ang Asosasyon ng Residente (JICHIKAI)	11
Ang mga Aplikasyon at Report.....	12
Ang mga Kontak.....	13



Kapag Pumasok sa Pabahay


- ① **Nakatakdang petsa para sa pagpasok** (NYUKYO SHITEIBI)
Ang NYUKYO SHITEIBI ay nakatakdang petsa na pasimulang makagamit sa pabahay. Mangyaring siguraduhing ilipat ang lahat ng miyembro ng pamilya na nasa aplikasyon sa loob ng isang buwan.
- ② **Deposito** (SHIKIKIN)
Kapag umalis sa pabahay, ibalik ang deposito sa inyong bagong adres o bank account. Kung hindi nabayaran ang upa o iba pa, ibabawas ang mga ito. (walang interes) *Puwedeng gamitin ang mga bangko sa nasa Aichi Prefecture. (Hindi puwede ang Internet Banking account.)
- ③ **Pagbibigay ng susi at Pag-iingat nito** (Walang taong nakahawak maliban sa inyo)
Pagkatapos ng explanation meeting, maghatid kayo ng Resibo ng Susi sa RENRAKUIN (Contact Person) at tanggapin ninyo ang susi. (Tiyakin ninyo muna kung nasa bahay ba siya.)
Ang susi na ito ay bago. Hindi ito pareho sa susi ng dating nakatira. Walang taong nakahawak maliban sa inyo.
Ang susi na ito ay ipapahiram lang kasama ng pabahay. Hindi ito ibibigay sa inyo. Kung mawala ito o masira, dapat ninyo bayaran. Mangyaring hawakan ito nang mabuti. (Walang ekstrang susi.)

- ④ **Renta ng pabahay at Pagsusuri**
Mangyaring mag-apply ng kahilingan para sa pag-aayos sa pabahay sa loob ng isang buwan mula sa NYUKYO SHITEIBI kung mayroon. Kung lampas na sa isang buwan, ayusin ninyo ito sa inyong sariling gastos kahit sinabi ninyo na “nasira ito bago kami tumira dito.”
Mangyaring tandaan na hindi lahat ng lugar o bahagi ay maaaring ayusin.
- ⑤ **Paglilipat**
Kapag lumipat sa pabahay, huwag iparada ang inyong sasakyan sa kalsada malapit sa pabahay para maiwasan na gambalain ang mga kapitbahay. Mangyari ring iparada ang inyong sasakyan sa takdang lugar pagkatapos na lumipat.



101 no Taro Cruise desu.
Yoroshiku Onegaishimasu!

⑥ **Pamamaraan ng paglipat
(Ipasa ninyo ang ulat ng NYUKYO TODOKE)**

Kapag nakalipat na kayo sa pabahay, iparehistro ang bagong adres sa City Hall o munisipyo. **At ipasa ninyo ang kopya ng bagong Residence Certificate (JUMIN-HYO) sa RENRAKUIN o opisina kasama ng NYUKYO TODOKE sa loob ng 20 araw pagkatapos na lumipat.**



⑦ **Tubig, kuryente, Gas**

Mangyaring mag-apply kayo sa departamento ng mga ito sa inyong sarili.

※Hindi magagamit ang mga ito kung hindi mag-apply sa mga departamento.

⑧ **Asosasyon ng mga residente sa pabahay (JICHIKAI)**

May JICHIKAI o CHOUNAIKAI sa KEN'EI JUTAKU. Ito ay inorganisa sa lahat ng mga residente ng pabahay. Gumagawa ito ng mga patakaran sa pang-araw-araw na pamumuhay sa JUTAKU para maging maayos dito.

At ito ay aktibo sa pag-ooperate, pagmamantini at komunikasyon sa gitna ng mga residente at iba pa.

Kapag lumipat na kayo sa KEN'EI JUTAKU, maging miyembro kayo sa JICHIKAI. Dapat makibahagi at makipagtulungan sa aktibidad sa JICHIKAI at positibong tanggapin ang mga gawain at obligasyon gaya ng mga officer. (tingnan ang pahina 11)



⑨ **Paggamit ng mga bagay na iniwan ng dating nakatira**

Kung gustong gamitin ang mga kagamitan na iniwan ng dating nakatira (bathtub, painitan ng tubig, screen ng bentana, bumbilya ng mga ilaw), tiyakin na ipasa ninyo ang Nakasulat na Kasunduan sa RENRAKUIN o opisina sa loob ng isang buwan.

Mangyaring suriin muna ang mga ito sa pamamagitan ng Gas Shop sa inyong sarili bago gamitin.

Kung hindi gustong gamitin ang mga ito, tiyakin na ipaalam sa RENRAKUIN o opisina sa loob ng isang buwan.

Tungkol sa Upa ng Pabahay (YACHIN)

Ang takdang petsa para sa pagbayad ng upa ay sa huling araw ng bawat buwan.



Paraan ng pagbabayad ng YACHIN

Mangyaring mag-direct debit mula sa bank account.

Kung hindi makagamit ng bank account, ipapadala ng KYOUKYU KOUSHA ang payment slip na “NOUNYU TSUCHISHO” kada buwan.

Mangyaring magbayad sa counter ng bangko hanggang sa katapusan ng buwan na ito. (Kapag ang katapusan ng buwan ay sabado o linggo, ang deadline ay magiging kasunod ng araw na bukas ang bangko.)

Mangyaring magbayad ng upa hanggang sa takdang petsa.

Kung hindi nagbayad ng upa sa takdang petsa

Kung hindi magbabayad ng upa kahit lampas na ng ilang panahon, ipapadala ang abiso.

Mangyaring magbayad ng upa bawat buwan.

Kung hindi bayaran ng tatlong buwan o higit pa ang upa, dapat na kayo umalis sa pabahay.



Pagreport ng taunang kita (Mangyaring tiyaking magreport sa mga Hunyo sa bawat taon)

Mangyaring magreport ng taunang kita kada taon sa pamamagitan ng “SHUNYU SHINKOKUSHO” form mula sa susunod na taon ng pagpasok ng pabahay.

Sa paggawa nito, ang upa ng pabahay ay magdepende sa inyong taunang kita. Kakalkulahin ito at ipapaalam sa inyo ang buwanang upa ng pabahay.

Kapag hindi nagreport ng taunang kita, ang upa ay magiging katulad ng karaniwang apartment.



Dapat ipadala ang SHUNYU SHINKOKUSHO at SHOTOKU SHOUMEISHO sa Hunyo sa bawat taon!!

Kapag Umalis sa Pabahay (TAIKYO)

Huwag lumipat nang walang paalam o ipahiram ito sa iba.

Ipaalam sa opisina na aalis kayo. (Isang buwan bago umalis)

Kayo ay tatawag sa tagapagkumpuni at magtakda ng petsa ng pag-alis.



Ipapadala ang report ng pag-aalis na TAIKYO TODOKE (10 araw bago umalis)

- TAIKYO TODOKE 1st sheet <退去届 ① 公社提出用>
- KAGONOU YACHINTOU KANPU SEIKYUSHO
(Refund para sa sobrang bayad) <過誤納家賃等還付請求書>



Lumipat

Kayo ay mag-proseso na ikansela ang JICHIKAI, kuryente, gas, tubig atbp.

Ilabas ang lahat ng laman sa kuwarto, at susuriin dito.



Pagsusuri para sa pag-aalis(Ang mga ihahanda)

- TAIKYO TODOKE 2nd sheet <退去届 ② 業者提出用>
- SHOYUKEN HOUKISHO (Ulat na hindi na ikaw ang may-ari)
- INKAN <所有権放棄書>
- Tatlong susi
- Pera (¥100,000~¥200,000)

(Babayaran ninyo sa tagapagkumpuni ang mga gastos para palitan ang tatami at fusuma at iba pa.)



(Ang fusuma ay sliding door)

Ibabalik ang SHIKIKIN

(mga 2 buwan ang nakalipas sa araw ng pag-alis)

Ibabalik ito sa bank account na nakasulat sa TAIKYO TODOKE.



Kailangan bayaran ang mga gastos ng pagkukumpuni sa panahon ng pagsusuri para sa pag-aalis.

Ang mga Patakaran

Sa KEN'EI JUTAKU, mayroong iba't ibang alituntunin o obligayon.

Halimbawa, kapag hindi ninyo tinupad ang anumang kondisyon ng Kasunduan gaya ng paggamit ng pabahay sa hindi tamang paraan o hindi pagbayad ng upa sa pabahay ng higit sa tatlong buwan, tandaan ninyo na tatapusin namin ang kasunduan at hihilingin na umalis kayo sa pabahay. Mag-ingat po kayo.

① Mangyaring gamitin nang mabuti ang pabahay at mga pasilidad, dahil may obligayon kayo na panatilihin sa tamang kalagayan ang mga ito. Kapag nasira o napinsala ninyo ang mga ito, kailangan ninyong isauli ito sa dati o magbayad para sa mga ito.

② **Sa patakaran, ang mga miyembro ng pamilya na inaaprubahan lang ang may pahintulot na makatira sa KEN'EI JUTAKU. Hindi puwedeng ipahiram ang pabahay sa iba at ibigay ang inyong karapatan sa pabahay.**



③ Kahit inyong pamilya o kamag-anak, hindi makatira sa pabahay maliban sa mga pamilya sa ipinahintulot na ng Prefecture. Tiyaking mag-aply o mag-report kayo sa opisina sa pamamagitan ng RENRAKUIN sa susunod na kalagayan.

a. Kapag nagbago na ang pamilya sa pabahay dahil sa panganganak, namatay o paglipat at iba pa.

b. Kapag baguhin ang pangalan sa Kasunduan dahil sa kamatayan ng kontratista at iba pa.

c. Pag-submit at pagbabago ng pakikipag-ugnayan sa emergency.



d. **Kapag maging walang tao sa pabahay nang matagal dahil sa pansamantalang pag-uwi sa inyong bansa at iba pa. Mangyaring magpadala ng form na FUZAI TODOKE sa opisina. (Mag-proseso kapag wala ang kontratista ng mahigit sa kalahating buwan o wala ang lahat ng miyembro ng pamilya sa pabahay ng mahigit sa isang buwan. Kung wala ang lahat ng miyembro ng pamilya sa pabahay ng mahigit sa dalawang buwan, mangyaring umalis sa pabahay.)**

④ Hindi makagamit ng KEN'EI JUTAKU para sa ibang layunin gaya ng Opisina, tindahan o nursery ng mga bata at iba pa maliban sa tumira.

⑤ Bawal gawin ang extension o i-remodel.

Tubig at Palikuran

Kapag natigil ang suplay ng tubig

Kapag natigil ang suplay ng tubig dahil sa pagkawala ng kuryente o pagkasira, tiyaking i-off ang gripo. Huwag hayaang nakaugnay ang rubber hose sa gripo at sa tubig sa loob ng bathtub, bucket o sa wasing machine. Maaaring umatras ang tubig sa loob ng tubo at marumihan ang suplay. At maaari ring tumulo ang tubig sa mababang kuwarto. Mag-ingat sa isa't isa.


Mangyaring tiyaking i-off ang gripo sa main lock kapag walang tao sa pabahay nang matagal. Maaaring maging aksidente kapag natigil ang suplay ng tubig at iba pa sa panahon na wala kayo sa pabahay.



Gamitin ang toilet paper

Huwag i-flush ang newspaper, tela, mga goma o diaper at iba pa.

Makakabara ito sa tubong palabasan ng tubig at maging hindi na magamit ang toilet. Kapag nakabara sa tubong palabasan ng tubig, kayo ang magbayad ng gastos sa pagkukumpuni.



Waterproof

Ang sahig sa palikuran at pasukan ay hindi waterproof. Huwag buhusan ng tubig ang mga ito. Kapag tumulo ang tubig at nakapinsala sa ibabang kuwarto, kailangan magbayad kayo sa mga gastos para ayusin doon.



Para sa Masayang Pamumuhay

Ang sekreto ng pamumuhay nang magkakasama . . .

Konsiderasyon at pakikipagtulungan


Ang DANCHI ay pamumuhay nang magkakasama

Mangyaring sumunod sa mga patakaran

Ingatan ang sariling pamumuhay . . .

nangangahulungan na ingatan din ang pamumuhay ng iba

Bawal ang pag-aalaga ng mga hayop(aso,pusa,ibon at iba pa)



Kapag aalagaan ang mga aso, pusa o ibon at iba pa sa apartment gaya ng KEN'EI JUTAKU,

- Maingay (lalo na sa gabi at madaling araw)
- Mabaho (dahil sa kanilang amoy at dumi)
- Marumihan ang mga kuwarta o beranda ng iba.
- Makakagat at masugatan ang mga bata.

Maaari na maging hindi maganda ang kapaligiran ng tirahan at makagambala din sa mga kapit-bahay ito ay maaari na maging sanhi ng mga problema sa mga nangungupahan.



Ang mga nag-aalaga ng mga hayop sa ngayon ay nagmamahal sa inyong alaga. Pero ito ay makakagambala talaga sa ibang mga nangungupahan. Huwag alagaan ang mga hayop sa JUTAKU. Para igalang ang pamumuhay ng iba at sa isa't isa ay dapat sumunod sa mga patakaran. Mangyaring ibigay ninyo agad ang inyong mga alaga sa mga kakilala o magkonsulta sa HOKENJO (Health Center) sa inyong lugar.

Ingay

Kahit pangkaraniwang tunog na hindi maiwasan sa araw-araw na pamumuhay o para sa inyo ay masarap na pakinggan, maaaring hindi ito kanais-nais na ingay para sa iba. Halimbawa, nasisiyahan kayo sa pakikinig ng musika. Pero para sa mga kapit-bahay, maingay lang ito.



Masipag ka na nag-papraktis ng piano. Pero para sa iba, maaaring tunog na nakakainis. Mayroon ding tunog ng air-conditioner, pintuan, tubig sa banyo, engine sa kotse at iba pang pangkaraniwang tunog ay "ingay sa pamumuhay".

Ang ingay ng mga factory ay kinukontrol ng batas. Pero ang "ingay sa pamumuhay" ay kinakailangan ng pagsisikap ng isa't isa para maiwasan ang mga problema.

Ipakita ang konsiderasyon sa pamumuhay ng iba at ingatan ang ingay sa pamumuhay.



Sikapin para gawing tahimik at komportableng kapaligiran.

Ang malaking boses ay maaari ring maging ingay.

May nagawa kaya kayong ganiyan?

Kung ganoon, lalong mag-ingat kayo

- a. Makinig ng stereo o manood ng TV na malakas ang tunog.
- b. Malakas ang yapag sa kuwarto, sa hagdan o sa pasilyo.
- c. Malakas ang pagsasara at pagbubukas ng pintuan o bintana.
- d. Pinatagas ang tubig ng bath bago matulog.
- e. Malakas ang tunog ng washing machine.
- f. Gamitin ang air-condition hanggang sa hatinggabi.
- g. Umaandar ang engine ng kotse nang matagal sa madaling araw o sa hatinggabi.
- h. Mag-karaoke hanggang sa hatinggabi.
- i. Mag-barbecue sa beranda.



Tungkol sa karaniwang pasilidad

May fire hydrant, fire alarm, fire door at iba pa sa karaniwang pasilidad na mga pasilyo, hagdanan at sa elevator hall. Kung maglagay ng bisikleta o motorbike o iba pa dito, makaharang ang mga ito sa daranan ng iba. At lalo na sa emergency, magiging hadlang ang mga ito para lumikas, apulain ang sunog at tumulong sa biktima. Kay huwag maglagay ng anumang gamit ninyo dito.

At maaari ring ipahagis ito sa silong o ipasunog.

Beranda

- a. Ang tubo na nasa beranda ay para makaagos ang tubig-ulan. Mangyaring linisin ang takip nito paminsanminsang.
- b. Ang partition plate sa gitna ng katabi na kuwarto ay magiging emergency exit sa panahon ng sunog, lindol o iba pang emergency. Sa emergency, sisirain ito at lalabas sa katabing kuwarto. Mangyaring panatilihin walang sagabal dito. At huwag maglagay ng sampayan o panlabas na yunit ng air-condition sa emergency exit.
- c. Huwag maglagay ng mga kahon at iba pa na makaakyat ang mga bata. Dahil talagang mapanganib para sa mga bata.
- d. Mangyaring ingatan ang mga halaman o mga isinasampay sa beranda dahil maaaring tangayin ang mga ito ng malakas na hangin. Mapanganib ito.



Basura

Mangyaring ibukod ninyo ang mga basura ayon sa bawat uri at itapon sa itinatakhang lugar, oras at araw.

Tungkol sa paraan ng pagtapon ng basura o itinatakhang lugar, oras at araw, mangyaring makipag-ugnayan sa City Hall.



Paradahan ng bisikleta

Sa JUTAKU na may paradahan ng bisikleta, mangyaring mag-ingat ang isa't isa para panatilihin maayos at malinis. Huwag iwanan ang bisikleta na hindi na ginagamit.

Mangyaring itapon ito sa inyong sarili.

Ang Asosasyon ng Residente (JICHIKAI)

JICHIKAI = ASOSASYON NG RESIDENTE


Mangyaring sumali ang bawat residente ng pabahay.

Ang JICHIKAI ay mangolekta ng KYOEKI-HI at gamit para sa pangkalahatang serbisyo.

1. Ang gastos para sa kuryente at pagkumpuni sa mga ilaw sa labas (para sa seguridad) at sa loob (sa hagdanan at iba pa)
2. Ang gastos para sa tubig at pagkumpuni sa gripo sa labas.
3. Ang gastos para sa mga pagtapon ng dumi.
4. Ang gastos para sa paggamit ng karagdagang pangkalahatang kagamitan.
5. Ang gastos para sa paggamit ng pangkalahatang pasilidad.

Mangyaring bayaran ang KYOEKI-HI maliban sa upa sa pabahay kada buwan.

☛ Naitala ito sa kasunduan.



※ Mayroon ng pabahay na nangongolekta ng ilang bahagi ng bayad sa karaniwang serbisyo ang prefecture bilang bayad sa paggamit ng kagamitan na nakakabit sa pabahay.

Ang mga kahilingan may kinalaman sa aktibidad ng JICHIKAI

1. Kapag lumipat kayo sa pabahay, itanong muna sa RENRAKUIN o sa mga kapitbahay kung sino ang mga officer ng JICHIKAI (CHOUNAIKAI).
At mangyaring gawin agad ang mga proseso na maging miyembro ng JICHIKAI.
2. Mangyaring makipagtulungan kayo sa aktibidad ng JICHIKAI. Hindi lamang ang lider at mga officer kundi ang bawat residente ay makikipagkooperasyon sa mga aktibidad nito.
3. Kapag mahuhuli ang bayad ng KYOEKI-HI (JICHIKAI-HI), makakahadlang sa gawain ng JICHIKAI at magkaroon ng problema sa mga officer nito. Kaya tiyaking bayaran ninyo ang KYOEKI-HI bago sa deadline.



☛ **Dapat ibigay ang bayad para sa pangkalahatang serbisyo bawat buwan maliban sa upa ng pabahay (KYOEKI-HI).**

Ang mga Aplikasyon at Report

Ang mga application form at papel ay nasa RENRAKUIN (Contact Person).

tawag ng papel	kaso na kinailangang magsumite	deadline ng pagsumite	kung saan magsumite	kalakip na dokumento
Report para sa pakikipag-ugnayan sa emergency	Kapag makipagkontrata	Araw ng gumawa ng kontrata	Housing Management Office o Branch Office	Residence certificate ng nakikipag-ugnayan (Jumin-hyo)
Report para sa pagbabago ng pakikipag-ugnayan sa emergency	1. Kapag ang nakikipag-ugnayan ay (1) namatay. (2) nawala. (3) nagbago ang pangalan o adres 2. Kapag papalitan ang nakikipag-ugnayan	agad	pareho sa itaas	Residence certificate ng bagong makikipag-ugnay (Jumin-hyo)
Application form para sa succession approval	Kapag namatay ang kontratista at naiwanan ang pamilya, o umalis siya dahil sa pagdeborsiyo o iba pang di-maiwasang dahilan. At patuloy na titira ang kaniyang pamilya.	sa loob ng isang buwan mula sa panahon ng pagkamatay o pag-alis	pareho sa itaas	1. Dokumento ng katibayan ayon sa pagkakasunod-sunod (Koseki atbp.) 2. Kopya ng Juminhyo para sa bawat miyembro ng sambahayan (komplete ang detalye ng bawat isa)
Application form na inaprubang para sa bagong sambahayan	Kapag pinasama sa bahay ang isang pamilya. (bagong kasal o inampon)	kailangan munang aprubahan	pareho sa itaas	1. Dokumento ng katibayan sa kaugnayan para sa bagong sambahayan (Koseki atbp.) 2. Shotoku shoumeisho para sa bagong sambahayan
Dokumento ng pagbabago ng sambahayan	Kapag may pagbabago sa mga sambahayan dahil sa panganganak o paglipat o pagkamatay.	sa loob ng 20 araw pagkatapos ng pagbabago	pareho sa itaas	Kopya ng Juminhyo para sa bawat miyembro ng sambahayan pagkatapos ng pagbabago(kalakip nito ang certificate ng mismong tao na umalis o namatay)
Dokumento ng pagbabago ng pangalan	Kapag ang nakatira ay nagbago ng pangalan.	sa loob ng 20 araw pagkatapos ng pagbabago	pareho sa itaas	Kopya ng Juminhyo para sa bawat miyembro ng sambahayan pagkatapos ng pagbabago

✳️ **Tungkol sa residence certification ,pakisumite ang kompletong ulat ng relasyon at pangalan ng pangunahing tao na sambahayan.**

Chinshaku hoshousho (Certificate ng upa),

Koseki (Family register), Juminhyo (Residence certificate),

Shotoku shomeisho (Certificate ng incom)

Ang mga Kontak

pangalan	adres • telepono
Prefectural na Pabahay nasa Nagoya at Owari area Nagoya Owari Jutaku Kanri Jimusho	〒460-8566 Nagoya-shi Naka-ku Marunouchi 3-19-30 Aichi-ken Jutaku Kyokyu Kousha 5F ☎ 052-973-1791
Prefectural na Pabahay nasa Ama area Nagoya Owari Jutaku Kanri Jimusho Ama Chuzai	〒496-8531 Tsushima-shi NishiYanagihara-cho 1-14 Ken Ama Sougo Chousha 5F ☎ 0567-24-7330
Prefectural na Pabahay nasa Ichinomiya area Nagoya Owari Jutaku Kanri Jimusho Ichinomiya Shisho	〒491-0053 Ichinomiya-shi Imaise-cho Hon-kanbeTatekiri 1-4 Ken Ichinomiya Kensetsu Jimusho 1F ☎ 0586-28-5411
Prefectural na Pabahay nasa Chita area Nagoya Owari Jutaku Kanri Jimusho Chita Shisho	〒475-0925 Handa-shi Miyamoto-cho 3-217-21 Central Bldg. 5F ☎ 0569-23-2716
Prefectural na Pabahay nasa west Mikawa area Mikawa Jutaku Kanri Jimusho	〒444-8551 Okazaki-shi Myoudaiji Hon-machi 1-4 Ken Nishi Mikawa Sougo Chousha 5F ☎ 0564-23-1863
Prefectural na Pabahay nasa Chiryu area Mikawa Jutaku Kanri Jimusho Chiryu Shisho	〒472-0026 Chiryu-shi Kamishigehara-cho Zoufukuji 124 Ken Chiryu Kensetsu Jimusho Minami Kan 1F ☎ 0566-84-5677
Prefectural na Pabahay nasa Toyota-Kamo area Mikawa Jutaku Kanri Jimusho Toyota-Kamo Shisho	〒471-0027 Toyota-shi Kita-machi 6-3-4 Toyota Kouei Jutaku Center ☎ 0565-34-2001
Prefectural na Pabahay nasa east Mikawa area Mikawa Jutaku Kanri Jimusho Higashi Mikawa Shisho	〒440-0801 Toyohashi-shi Imahashi-cho 6 Ken Higashi Mikawa Kensetsu Jimusho 1F ☎ 0532-53-5616

《Pagtawag /Pagdalaw sa tanggapan》 8:45am~5:30pm

(Sarado sa Sabado, Linggo, Official Holidays, New Year's Eve, New Year's Day)

Update 2020.04